## APPLICATION

- May bahagi ba ng buhay mo na hinihiling ng Diyos na pagkaitan mo ang iyong sarili at buhatin ang iyong krus? Ano ang pwede mong gawin para sumunod kay Jesus sa bahaging ito ng buhay mo?
- Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga aspeto ng buhay mo na hindi mo pa ganap na isinusuko sa pagka-Panginoon ni Jesus. Hilingin din sa Diyos na ipakita sa 'yo ang mga pwede mong gawin araw-araw para lumago sa mga bahaging ito.
- May mga tao ba sa buhay mo na pwede mong lapitan kapag kailangan mong palakasin ang iyong pananampalataya habang sumusunod kay Cristo? Isipin ang tatlong bagay na pwede mong gawin para maging mas masigasig sa pagpapanatili ng koneksyon mo sa ibang mga mananampalataya. Mangakong sisimulan mo ito ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil ipinadala Niya si Jesus, ang perpektong halimbawa ng pagsuko sa Diyos at sa Kanyang kalooban. Ipagdasal na bigyan ka ng biyaya para sumunod kay Jesus kahit pa mahirapan ka.
- Hilingin sa Diyos na tulungan kang buhatin ang krus na ipinapabuhat Niya sa iyo. Ipagdasal na lagi mong maalala ang ebanghelyo para makapamuhay ka ayon sa liwanag na dala ng krus ni Jesus.
- Pasalamatan ang Diyos para sa mga kaibigan mo sa iglesya. Maglaan ng oras para makipag-usap sa kanila ngayong linggo upang magpasalamat at ipagdasal sila.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2025 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Mona Pondales, Janine Pineda

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.

# Cost of the Cross

## Pagkakait sa Sarili

WEEK 3

## WARM-UP

- Ano ang isang bagay na kinailangan mong gawin araw-araw para matupad ang isang mithiin? Ikwento kung ano ang nangyari.
- Isipin ang isang panahong nakatanggap ka ng mga pagbatikos o pagdududa tungkol sa isang bagay na mahalaga sa 'yo. Paano ka tumugon at ano ang natutunan mo?
- Naranasan mo na bang maging bahagi ng isang grupo na tumulong sa 'yo para maabot ang mga mithiin mo? Paano ka nila tinulungan?

## WORD

*[23]Pagkatapos, sinabi niya sa kanilang lahat, "Ang sinumang gustong sumunod sa akin ay hindi dapat inuuna ang sarili. At dapat ay handa siyang humarap kahit sa kamatayan alang-alang sa pagsunod niya sa akin araw-araw.*
*[24]Sapagkat ang taong naghahangad magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito. Ngunit ang taong nagnanais mag-alay ng kanyang buhay alang-alang sa akin ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.*
*[25]Ano ba ang mapapala ng isang tao kung mapasakanya man ang lahat ng bagay sa mundo pero mapapahamak naman ang buhay niya? Wala!*
*[26]Kung ako at ang mga aral ko ay ikakahiya ninuman, ikakahiya ko rin siya kapag ako na Anak ng Tao ay pumarito na taglay ang aking kapangyarihan at ang kapangyarihan ng Ama at ng mga banal na anghel."*

**LUCAS 9:23–26**

Inaanyayahan ni Jesus ang Kanyang mga tagasunod na mamuhay nang simple, kung saan inuuna ang kalooban ng Diyos kaysa ang sariling mga kagustuhan, kahit pa mahirap o masakit ito. Ipinapaalala Niya na walang halaga ang tagumpay sa mundo kung ang kapalit naman ay kanilang kaluluwa, at nagbigay Siya ng babala na kung ikakahiya nila Siya o ang Kanyang mga itinuturo, magdudulot ito ng paglayo mula sa Kanyang kaluwalhatian. Ngayong araw, titingnan natin ang tatlong bagay na ipinapagawa ni Jesus sa Kanyang mga disipulo: pagkakait sa sarili, pagbubuhat ng sarili nating krus, at pagsunod sa Kanya.

## 1 Pagkaitan natin nang buong-buo ang sarili natin.

*[23]Pagkatapos, sinabi niya sa kanilang lahat, "Ang sinumang gustong sumunod sa akin ay hindi dapat inuuna ang sarili. At dapat ay handa siyang humarap kahit sa kamatayan alang-alang sa pagsunod niya sa akin araw-araw. [24]Sapagkat ang taong naghahangad magligtas ng kanyang buhay ay mawawalan nito. Ngunit ang taong nagnanais mag-alay ng kanyang buhay alang-alang sa akin ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan."* **LUCAS 9:23–24**

Ang pagkakait sa ating sarili ay nangangahulugang iiwan natin ang mga kagustuhan at plano na nakasentro sa ating sarili para sumunod kay Jesus. Hindi lang ito pagtanggi sa ilang bagay, kundi pagtanggap na hindi natin kontrolado ang ating buhay. Ibig sabihin, isinusuko natin ang ating kaginhawahan at iniaayon ang ating buhay sa kalooban ng Diyos. Ipinaalala ni Jesus na ang mga nagpapakahirap para pahalagahan ang buhay nila sa pamamagitan ng pag-asa sa sarili o paghahangad ng mga makamundong bagay ay hindi makakamit kung ano ang totoong mahalaga. Pero ang mga handang talikuran ang kanilang sariling interes para kay Jesus ay makakamtan ang tunay at walang hanggang buhay. Ano ang mga bagay na kinailangan mong talikuran para sumunod kay Cristo?

## 2 Buhatin natin ang ating krus araw-araw.

*[23]Pagkatapos, sinabi niya sa kanilang lahat, "Ang sinumang gustong sumunod sa akin ay hindi dapat inuuna ang sarili. At dapat ay handa siyang humarap kahit sa kamatayan alang-alang sa pagsunod niya sa akin araw-araw. . . . [25]Ano ba ang mapapala ng isang tao kung mapasakanya man ang lahat ng bagay sa mundo pero mapapahamak naman ang buhay niya? Wala!"* **LUCAS 9:23, 25**

Ang pagpapako sa krus ang pinakamahirap, masakit, at kahiya-hiyang kamatayan noong panahon ni Jesus. Bilang mga tagasunod Niya, kailangan nating tanggapin ang kalooban ng Diyos kahit na mahirap ito at may mga sakripisyo, tulad ng pagtalikod sa atin ng mga tao, pagdurusa, o kamatayan. Ipinakita ito ni Jesus nang hinarap Niya ang krus, tiniis ang lahat ng sakit, at sinunod ang plano ng Diyos. Ang Kanyang sakripisyo ay nagsisilbing inspirasyon sa atin na mamuhay nang tapat at handang magsakripisyo. Hindi man natin hinaharap ang kamatayan ngayon, may mga sakripisyo pa ring kailangang gawin para sumunod kay Jesus. Ano ang ibig sabihin sa iyo ng pagbuhat sa iyong krus araw-araw?

## 3 Patuloy tayong sumunod kay Jesus.

*[23]Pagkatapos, sinabi niya sa kanilang lahat, "Ang sinumang gustong sumunod sa akin ay hindi dapat inuuna ang sarili. At dapat ay handa siyang humarap kahit sa kamatayan alang-alang sa pagsunod niya sa akin araw-araw. . . . [26]Kung ako at ang mga aral ko ay ikakahiya ninuman, ikakahiya ko rin siya kapag ako na Anak ng Tao ay pumarito na taglay ang aking kapangyarihan at ang kapangyarihan ng Ama at ng mga banal na anghel."* **LUCAS 9:23, 26**

Ang pagsunod kay Jesus ay hindi isang desisyon na ginagawa lamang ng isang beses, kundi isang patuloy na pagsunod sa Kanyang mga utos. Tinawag tayo na iayon ang ating buhay sa Kanyang mga katuruan anuman ang sitwasyon. Ipinapaalala nito na ang tunay na pagiging disipulo ay nangangahulugang tapat tayo, ipinapakita natin ang ating pananampalataya, at buong-puso tayong sumusunod kay Jesus araw-araw, at alam natin na pinararangalan ang katapatan sa kaharian ng Diyos. Paano mo nakita ang kahalagahan ng pagiging konektado sa ibang mga mananampalataya?

Habang nahihikayat tayo ng sakripisyo ni Jesus at pangako na buhay na walang hanggan, inaanyayahan tayong sumunod sa Kanya, isuko ang ating mga kagustuhan, at magtiwala sa Kanyang plano. Ang paglalakbay na ito ay hindi natin magagawa nang mag-isa; kasama natin ang mga kapwa natin mananampalataya para magbigay ng lakas, gabay, at suporta. Sama-sama nating tinutulungan ang isa't isa na mamuhay nang may tapang ayon sa plano ng Diyos at para sa Kanyang kaluwalhatian.